


Istatistikang pagsusuri ng National Census

(国勢調査について)

208



Sa unang araw ng Oktubre 2005, magsasagawa ng National Census ang gobyerno ng bansang Hapon.

Ang National Census ay istatistikang pagsusuri ayon sa batas na nagbibigay ng tungkulin sa lahat ng naninirahan dito sa Hapon, anumang nasyonalidad, na sagutin ang mga katanungan. Ang mga nasuring bagay ay gagamitin lamang sa paggawa ng istatistika, maliban dito ang mga dokumento ay hindi gagamitin sa imigrasyon, buwis at polisya. Kung kaya't inaasahang ipanatag ang loob sa pag-sagot ng mga tanong.


Ipamimigay ng mga kawani ng national census ang mga katanungan mula ika-23 araw ng Septyembre hanggang katapusan at kukulektahin ng unang araw ng Oktubre hanggang ika-sampung araw. Lubos na inaasahan ang kooperasyon ng lahat.

Sa iba pang detalye, tumawag sa **Kawasaki General Planning Bureau Urban Management Department Statistic Information Section: 044-200-2069.**

Mga Kinatawan ng Siyudad ng Kawasaki para sa mga Dayuhan

(外国人代表者会議オープン交流会について)

209



Ang pagtitipon o open forum ng Kinatawan ng mga Dayuhang naninirahan dito sa Siyudad ng Kawasaki ay idaraos sa ika-16 ng Oktubre ngayong taon sa Takatsu Shiminkan (Citizens Center) Ito ay itinatag sa layuning mapag-ibayo ang bahaging gagampanan ng mga dayuhan sa gobyerno, makatulong para sa pagkakaunawaan ng bawat panig at maitatag ang isang lokal na komyunidad para sa maayos na pamumuhay.

Ang pangunahing layunin ng open forum ay upang bigyan ng pagkakataon ang pangkaraniwang mamamayan na iparating sa kinauukulan ang kanikanilang opinyon, makamit ang oportunidad na malaman ang kabuuang katayuan ng mga dayuhan, at pagkakataong makasalamuha ng dayuhan ang mga hapon. Noong nakaraang taon ng Disyembre, ang open forum ay dinaluhan ng may 120 katao mamamayan, mga may kinalaman sa Edukasyon, mga mag-aaral ng hayskul at ibapa. Naging matagumpay ang pagtitipong ito sa katunayang naging kapakipakinabang sa mga komite at buong asembleya sapagkat nabigyan sila ng ideya at karanasan kung papaano ang pagbuo ng matatag na opinyon. Ang party na gaganapin pagkatapos ng miting ay nagkaroon ng tagumpay sa pagpapalalim ng pagkakaibigan ng bawat isa. Inaasahan muli ang pagdalo ng mga dayuhan at mga hapon ngayong taon. Magu-umpisa ito ng ika-2:00 pm ng ika-16 ng Oktubre (Linggo) sa Takatsu shiminkan. Higit sa lahat matatapos na ang paninilbihan ng mga kinatawan para sa taong ito. Mula ika-3 ng Oktubre uumpisahan na ang pagpipili ng bagong kawani kapalit ng mga kinatawang naninilbihan sa kasalukuyan..

Para sa inyong katanungan tungkol sa pagtitipon tumawag sa Human Rights and Gender Equality Office sa Citizens Affairs Bureau sa 044-200-2369.



Kawasaki Minato Matsuri (Piyesta)

(川崎みなと祭り・ちくさんフードフェアについて)

210

Ang Kawasaki Port Festival ay gaganapin sa ika-9 at 10 ng Oktubre samantalang ang Livestock Food Products Fair ay mula ika-8, 9, at 10 ng buwan ng Oktubre. Gaganapin ito sa Higashi – Ougishima ng Kawasaki ward. Ipagdiriwang ang Kawasaki Port Festival sa lugar malapit sa Kawasaki Marien ng Higashi-ougishima kung saan may iba't ibang ibento gaya ng pagsuot ng uniporme ng Maritime Safety Station Staff at Custom Staff.

Magkakaroon din ng bazaar, munting bukirin at munting mga kabayo at iba pa. Magiging bukas din para sa lahat ang The South Pole Observation Ship na tinaguriang “ The Shirase” upang masubukang sumakay ay masiyasat ang bawat detalye nito.

Katabi ng Kawasaki Marien, gaganapin din ang Live Stock Food Center kung saan ang mga produkto ng Livestock Food Products ay matutunghayan. Ibebenta ng mura ang mga karne at iba pang pagkain, Iba't ibang pagkaing prosesado, mayroon ding mga puwestong magtitinda ng mga kilalang produkto galing sa iba't ibang lugar ng bansang Hapon at ibentong beef BBQ! Magsaya sa panonood, pag-amoy at pagtikim at pagbili ng mga produkto sa Livestock Food Products Fair.

Magkakaroon ng libreng serbisyo ng bus sa panahon lamang ng Kawasaki Port Festival and Livestock Food Products Fair, ito ay magmumula sa istasyon ng JR Kawasaki sa himpilan ng bus bilang 20. Para sa iba pang detalye tungkol sa Kawasaki Port Festival tumawag sa 044-287-6009. Para naman sa Livestock Products Fair, tumawag sa Trade and Tourism Section of the Economic bureau 044-200-2328.



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Oras ng Konsultasyon:

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Salin-wika: Ogura Noemi

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>